
GRADE IV

# NCR - PAMBANSANG PUNONG REHIYON

## ALAMIN MO

Masdan ang larawan sa ibaba. Ito ang palasyo ng Malacanyang ang opisyal na tirahan ng pangulo ng Pilipinas na matatagpuan sa Pambansang Punong Rehiyon na tinatawag ding Metro Manila.

Gusto mo bang makarating dito balang araw?




Sa pag-aaral ng modyul na ito, matutuhan mo ang tungkol sa mga sumusunod:

- *ang mga bayan at lungsod*
- *lokasyon at topograpiya*
- *hanapbuhay at produkto*
- *makasaysayan at mahalagang pook*

## PAG-ARALAN MO

Suriing mabuti ang mapa ng Metro Manila. Ano-ano ang bayan at lungsod na bumubuo rito?




**Ang mga Lungsod at Bayan**

Ang Pambansang Punong Rehiyon o National Capital Region (NCR) ay pormal na idineklara sa bisa ng Presidential Decree No. 1396. Ito ay kilala rin sa tawag ng Metro Manila (Kalakhang Maynila) na binubuo ng mga sumusunod na lungsod at bayan.

| **Lungsod** | **Bayan** |
|---|---|
| Caloocan | |
| Las Piñas | Pateros |
| Makati | |
| Mandaluyong | |
| Marikina | |
| Maynila | |
| Muntinlupa | |
| Parañaque | |
| Pasay | |
| Pasig | |
| Quezon | |
| Valenzuela | |
| Malabon | |
| Navotas | |
| San Juan | |
| Taguig | |

**Lokasyon at Topograpiya**




Tingnan  ang bahagi ng mapa ng Luzon.  Hanapin mo ang Maynila.  Makikita mo na ito ay nasa bukana ng Look ng Maynila.

Ang Look ng Maynila ay isa sa pinakamalaking daungan sa bansa.  Ang mga sasakyang dagat na nanggaling sa iba't ibang panig ng bansa ay dito dumadaong.  Gayundin ang barkong nanggaling sa iba't ibang panig ng daigdig.  Sa daungan ito ibinababa ang mga produkto at kalakal na dinadala sa iba't ibang panig ng Pilipinas at iniluluwas sa ibang bansa.



Dahil sa magagandang lokasyon nito, ang rehiyon ay itinuturing na sentro ng kalakalan sa Luzon.

**Hanapbuhay at Produkto**

Ang NCR o Metro Manila ang itinuturing na pinakamaunlad na rehiyon sa bansa. Ito ang sentro ng industriya at kalakalan sa bansa. Dito ipinagbibili at binibili ang maraming produkto ng bansa at maging ng mga produkto mula sa ibang bansa.



Nagiging madali ang pagdadala ng mga produkto sa iba't ibang bahagi ng bansa at maging sa ibang bansa dahil nandito ang Ninoy Aquino International Airport at Manila Domestic Airport.



Tingnan ang larawan sa ibaba. Alam mo ba kung saan ito?



Kilala ang Lungsod ng Marikina sa paggawa ng mga sapatos. Ito ang tinaguriang Shoe Capital of the Philippines. Mayroon ding mga pagawaan ng ceramics, damit at tsokolate na matatagpuan dito.

Ang Lungsod ng Makati ay tinaguriang isa sa mga sentro ng kalakalan at industriya sa bansa. Maraming kampanyang dayuhan at lokal, mga bangko, at pangunahing negosyo ang matatagpuan dito. Ang Ayala Center, Ortigas Center at Bonifacio komersyo at Negosyo o Commercial Business District. Ang Philippines Bank of Communications Tower o PBComTower na nakatayo sa syudad ng Makati ang itinuturing na pinakamataas sa gusali sa bansa sa sukat nitong 259 metro na may 52na palapag.

Naisip mo ba kung gaano katagal ang aabutin para mapuntahan ang lahat ng palapag kung hindi tayo gagamit ng elevator?




Ang mga Lungsod sa NCR tulad ng Makati ay patuloy ding magbabago at umuunlad. Bukod dito, ilan sa kanila ay nangunguna sa mga adhikaing pangkalikasan tulad ng Muntinlupa kung saan ipinagbabawal na ang paggamit ng plastic bag sa mga groseri at mall.

Para sa iyong karagdagang kaaalaman, pag-aralan mo ang sumusunod na tsart.

| Lungsod/Bayan | Hanapbuhay/Produkto |
|---|---|
| Maynila | turismo at pangangalakal |
| Pasay | turismo, pagnenegosyo |
| Caloocan | industriya at komersiyo |
| Mandaluyong | pangangalakal |
| Pasig | pangangalakal |
| Marikina | paggawa ng sapatos, damit, ceramics, tsokolate |
| Pateros | paggawa ng balut at penoy at paggawa ng sapatos at tsinelas |
| San Juan | komersiyo, pagnenegosyo |
| Parañaque | paggawa ng asin, pagpi-fishpond |
| Muntinlupa | pagtatanim, pangingisda, komersiyo |
| Valenzuela | Paggawa ng pintuan ng bapor, pagtatanim, pangangalakal |
| Makati | pangangalakal, komersiyo |
| Malabon | paggawa ng iba’t ibang produkto sa pabrika, pangingisda |
| Taguig | paggawa ng kagamitang de-kuryente, pagpproproseso ng pagkain |
| Navotas | pangingisda, paggawa ng patis |
| Las Piñas | mga pabrika, pagnenegosyo |
| Quezon | pangangalakal at komersiyo |

Masdan mo ang sumusunod na makasaysayang pook tanawin. Ang mga ito ay matatagpuan sa Metro Manila.

Alin sa mga ito ang napasyalan mo na?










Sa iyong palagay, bakit ang NCR ay itinuring na pangunahing rehiyon ng bansa?


Ano ang mga patunay na ang NCR ay pinakamaunlad na rehiyon sa Pilipinas?

## PAGSANAYAN MO

A. Hanapin sa mga lupon ng titik sa kahon ang 13 lungsod na matatagpuan sa Pambansang Punong Rehiyon. Isulat sa kuwaderno ang sagot.


| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | A | R | I | K | I | N | A | P | A | S | A |
| A | M | S | Y | P | A | T | E | R | O | S | M |
| N | P | A | R | A | N | A | Q | U | E | C | U |
| D | A | N | S | S | R | S | M | S | L | A | N |
| A | S | A | M | A | Y | N | I | L | A | L | T |
| L | I | V | A | Y | T | O | P | O | S | O | I |
| U | G | O | K | O | M | N | O | S | P | O | N |
| Y | R | T | A | G | U | I | G | R | I | C | L |
| O | B | A | T | Q | U | E | Z | O | N | A | U |
| N | K | S | I | S | A | N | J | U | A | N | P |
| G | L | M | A | L | A | B | O | N | S | L | A |
| V | A | L | E | N | Z | U | E | L | A | P | U |





## TANDAAN MO

- *Ang Pambansang Punong Rehiyon o Metro Manila ay binubuo ng 13 lungsod at 4 na bayan.*
- *Ang Metro Manila ay isang malawak na kapatagan na halos nasa gitna ng Pilipinas.*
- *Itinuturing na sentro ng industriya at kalakalan ang Pambansang Punong Rehiyon o NCR.*
- *Pinakamaunlad na rehiyon sa buong bansa ang NCR.*
- *Ang sentro ng pamahalaan, edukasyon, relihiyon at kultura ay matatagpuan din dito.*



## ISAPUSO MO

1. Magkakaroon kayo ng Lakbay-Aral sa Kamaynilaan. Alin sa mga makasaysayan at makabuluhang pook dito ang gugustuhin mong puntahan? Bakit?

2. Kung makakatapos ka ng pag-aaral, anong hanapbuhay ang papasukin mo? Saang lugar mo gustong magtrabaho? Bakit?

3. Kung pamimiliin ka ng lungsod o bayan ng paninirahan ng inyong mag-anak, alin sa 13 lungsod at bayan ng NCR ang pipiliin mo? Bakit?



## GAWIN MO

**Paggawa ng Album**


Mula sa mga lumang diyaryo at magasin, gumupit ka ng 8 hanggang 10 larawan ng mga gusali o tanggapang pampamahalaan at pribadong sektor na matatagpuan sa Metro Manila. Idikit ito sa bond paper, lagyan ng leybel ang bawat ginupit ng larawan at isulat kung saan ito matatagpuan at ilagay ito sa album.





**PAGTATAYA**

Isulat ang titik ng tamang sagot sa kuwaderno.




1. Kung titingnan mo ang mapa ng NCR, ito ay nasa pagitan ng Look ng _____ at _____.

   a. Pasay at Laguna
   b. Maynila at Laguna
   c. Pasay at Pateros
   d. Maynila at Pateros

2. Ang Metro Manila ay binubuo ng _____ lungsod at _____ bayan

   a. 12 at 5
   b. 13 at 4
   c. 14 at 3
   d. 11 at 6

3. Ang iba pang katawagan sa Pambansang Punong Rehiyon ay _____.

a. Lungsod ng Maynila
b. Metro Manila
c. National Region
d. Capital Region

4. Ang panahon ng tag-ulan sa Kalakhang Maynila ay nararanasan sa buwan ng _____.

a. Enero – Hunyo
b. Disyembre – Mayo
c. Hunyo – Nobyembre
d. Mayo – Oktubre

5. Ang lungsod ng _____ ang tinuturing na sentro ng kalakalan sa buong Pilipinas.

a. Maynila
b. Makati
c. Marikina
d. Pasay

6. Ang Lungsod ng _____ ang tinaguriang pinakamatandang lungsod sa Pilipinas.

a. Pasay
b. Makati
c. Maynila
d. Marikina

7. Ang bayan ng _____ ay kilala sa paggawa ng balut.

a. Navotas
b. Marikina
c. Taguig
d. Pateros

8. Sa Lungsod ng _____ naganap ang Unang Sigaw ng Balintawak na makikita sa Monumento ni Bonifacio.

a. Mandaluyong
b. Marikina
c. Caloocan
d. Parañaque

9. Kilala ang Lungsod ng _____ sa mga pagawaan ng sapatos.


a. Muntinlupa
b. Marikina
c. Mandaluyong
d. Malabon

10. Ang Lungsod ng _____ ay kilala sa mga daungan nito.

a. Navotas
b. Malabon
c. Taguig
d. Pateros

II. Isulat ang T sa patlang kung tama ang isinasaad sa pangungusap. Kung Mali naman, tukuyin ang salitang nagpapamali dito at isulat ang tamang salita. Isulat sa kuwaderno ang sagot.

_____ 1. Ang Pambansang Punong Rehiyon ay idineklara sa ilalim ng Presidential Decree No. 1296.
_____ 2. Halos nasa gitna ng Pilipinas ang Metro Manila.
_____ 3. Sa lahat ng mga rehiyon sa Pilipinas ang NCR ang itinuturing na sentro ng industriya at kalakalan.
_____ 4. Tanyag sa paggawa ng patis ang bayan ng Taguig.
_____ 5. Ang pagbagtas ng Ilog Pasig sa Kamaynilaan ay nakakaapekto sa pakikipagkalakalan nito sa kanyang mga karatig-pook.
_____ 6. Dahil karamihan sa mga lugar sa Metro Manila ay nasa baybay-dagat, ang klima dito ay nahahati sa panahong tag-init at tag-ulan.
_____ 7. Makikita sa Quezon City ang Cuneta Astrodome.
_____ 8. Matatagpuan ang Lungsod ng Maynila ang Korte Suprema.
_____ 9. Ang Ninoy Aquino International Airport ay matatagpuan sa Mandaluyong City.
_____ 10. Ang pinakamalaking daungan sa buong bansa ay ang Look ng Laguna.



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.